## Upang Mapangalagaan ang iyong Anak sa mga Panganib ng Internet

Ang internet ay isang network na nag-uugnay sa mga kompyuter sa buong mundo. Dito, madali mong mahahanap ang gustong malaman na impormasyon, magpapadala ng impormasyon sa mundo, makipag-usap sa pamilya o mga kaibigan at masiyahan sa mga bidyo at musika. Ngayon, hindi lamang sa mga kompyuter, smartphone, tablet device, pati na rin sa mga kagamitan sa bahay gaya ng video games, music players, sasakyan at telebisyon ay konektado rin sa Internet. Ito ay kinakailangan para sa pagsuporta ng pamumuhay ng lahat.
Ang mga ito ay tunay na kapaki-pakinabang kapag maingat at tama ang paggamit. Ngunit nakatago rin ang iba' t-ibang panganib na mag-uugat sa pagbubully o maling paratang pati na rin sa pagkakataon na pagkasangkop sa mga insidente at krimen.
Upang mapaalagaan ang sarili mahalagang sabay na pag-aralan ng inyong anak ang tamang paggamit ng mga digital na kagamitan tulad ng Internet, smartphone, at mga Social Network Service para sa pakikipag komunikasyon. Sundin ang mga alintuntunin at moral, at gamitin nang ligtas sa tamang talino.

## Mga Naidudulot na Panganib ng Internet!



- Sa sobrang paggamit ay nakakahadlang ito sa pamumuhay at kalusugan
- Paninira/inayawan ng mga kasama sa message app
- Pag-kalat ng sariling impormasyon (mula sa pagpopost sa SNS atbp.)
- Problema na naidudulot ng online gaming
- Biktima ng krimen (compensated dating atbp.) sa mga community websites

Ministry of Internal Affairs and Communication
Mga halimbawa ng problema sa Internet

## Internet Addiction

Ang Internet Addiction ay, "prayoridad ang paggamit ng Internet kesa sa aspeto ng pamumuhay katulad ng pag-aaral, trabaho o aspetong pangkalusugan ng katawan at isipan. Hindi kaya pigilin ang sarili sa oras at paraan ng paggamit."
Sa loob nito, napakaraming nahuhumali sa games. Noong Mayo 2019, naitatag ng World Health Organization (WHO) ang "Gaming Disorder" bilang mental disorder. Kapag nasuri na mayroong gaming disorder, kinakailangan magpagamot sa eksperto at kung ito naman ay malala, maaaring ma-admit sa ospital.

### Epekto ng Internet Addiction

- ☑ Hindi kaya kontrolin ang nararamdaman
- ☑ Insomia/Sleeping Disorder
- ☑ Asthenopia/pagkapagod ng mata, impaired vision/paghihina ng paningin
- ☑ Humihina ang kakayahang kumilos
- ☑ Humihina ang kaalaman
- ☑ Nasisira ang pang araw-araw na pamumuhay atbp.



## Kapag hinayaan magkaroon ang bata ng smartphone atbp….

### Ogimamaryuu Paraang maka-Ogi 7 Smartphone Rules

①Huwag kalimutan na ang smartphone ay "binili at nakakontrata ito sa magulang at pinapahiram lamang ito sa bata"
②Ang paggamit ng smartphone ay hanggang ○ ng gabi.
③Ang paggamit at pag-charge ng smartphone ay itakda sa loob ng sala at silid-kainan lamang.
④Hindi gagamit ng smartphone habang kumakain.
⑤Mag-isip ng masasayang gawain kasama ang pamilya sa oras na hindi gumagamit ng smartphone.
⑥Kapag nagkaroon ng problema dahil sa paggamit ng smartphone, kumonsulta kaagad sa magulang.
⑦Kapag hindi nasunod ang patakaran, ibabalik sa magulang ang smartphone ng ○ araw.

Higit sa lahat, ang mga magulang din ay kailangan sumunod sa patakaran.
Gamitin natin ang smartphone ng mabuti.

Taon Buwan Araw Lagda (Magulang)
Lagda (Bata)

Maganda na pagusapan sa pamilya ang sariling "patakaran sa loob ng bahay".
Maaari ring gawin ninyong gabay ang "Ogimamaryuu Paraang maka-Ogi 7 Smartphone Rules"



## 3 Puntos na Maaaring Gawin ng Magulang

### Puntos 1 Mag-lagay ng "Web Filtering"

Itakda sa edad at sitwasyon sa paggamit at mag-lagay ng "Web Filtering" upang hindi makita ng bata ang masasamang bagay o impormasyon (hal. online dating, karahasan, pag-inom ng alak/paninigarilyo, droga, pornographic at iba pang websites).

※Ang mga mobile phone companies atbp. ay, sapilitang ilalagay at ipapaliwanag ang web filtering service batay sa batas kapag ang gagamit na bata ay 18 na taong gulang pababa.
※Kapag sa smartphone, kinakailangan ang filtering sa mga tatlong sumusunod: ①Mobile phone line ②Wireless LAN line ③Application
※Napagalaman na mayroong 90% pataas na batang biktima ng krimen sa Internet dahil sa hindi paglalagay ng web filtering.



### Puntos 2 Gamitin natin ang "Parental Control"

Gamitin natin ang "Parental Control" upang masubaybayan ng magulang ang bata sa paggamit ng smartphone o paglalaro nito. Ito rin ay para sa kaligtasan at wastong paggamit.

※Maaaring itakda ang limitasyon ng oras at pagbo-browse ng apps, websites, smartphone games at iba pa.
※Maaaring itakda ang limitasyon ng bayarin sa ginagamit ng bata na smartphone, tablet device, game console atbp.

### Puntos 3 Gumawa ng patakaran sa bahay kasama ang bata

Gumawa ng "Patakaran sa bahay" upang mapaigi ang paggamit ng Internet. Pagusapan kasama ang bata kung ano ang layunin, saan at oras ng paggamit.
Sa sitwasyon ng paggamit, mangyaring alamin ang problema kung mayroong pagkakataon na pagusapan ito. Sanayin ang bata na makipag-usap at kumonsulta kaagad sa magulang sa anumang problema na dumating upang hindi sarilihin ng bata ang problema.

## Paaralan ng Pampublikong Elementarya at Junior High School sa loob ng lungsod " Isang Tablet sa isang bata"

Simula 2021 ng Mayo ay nag-umpisa ang pagpapahiram ng tablet device sa lahat ng estudyanteng nag-aaral sa pampublikong elementarya at junior high school.
Ang tablet device ay kinakailangan ng password kapag gagamitin ito. Mayroong limitasyon sa paggamit na hindi maaaring makanood ng videos, mag-chat at iba pa. Bawat paaralan ay nagbibigay ng patnubay sa patakaran ng paggamit ng tablet device, information ethics at seguridad.
Ngunit, ang bata ay nakakaramdam ng kuryosidad at pagkatuwa sa paggamit ng Internet. Kung kaya' t kinakailangan subaybayan at suportahan din ito sa loob ng bahay.

### "Patakaran ng paggamit ng tablet device" ay ang mga sumusunod:

- Ang tablet device ay pag-aari ng lungsod at ito ay gagamitin para sa pag-aaral.
- Gagamitin ito sa paaralan at bahay lamang.
- Ang paggamit nito ay kailangan ng pagpapahinga ng kada-tatlongpung (30) minuto.
- Mangyaring pag-ingatan ang paggamit.
- Tiyakin na huwang ilagay ang personal na impormasyon
- Mayroong pinanghahawakan na pangako na sasabihin kaagad sa guro o magulang kapag may problema atbp.

Kukumpirmahin ang mga patakaran kasama ang bata at gabayan ang sitwasyon ng paggamit.

Ang konsepto ng GIGA school ay…



[Reference Link]
◆Ministry of Economy, Trade and Industry
◆Ministry of Internal Affairs and Communications
◆Government Public Relations Online